



Expo Science 2013 bibigyang pansin ang mga DOST service at test lab

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inobasyon sa teknolohiya at ang mga inisyatibang nagtataguyod sa pagyabong ng mga lokal na industriya ang bibigyang pansin sa pagdiriwang ng National Science and Technology Week (NSTW) na pinamagatang Expo Science 2013 mula Hulyo 23-27 sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City.

Ang NSTW ay taunang pagdiriwang na pinangungunahan ng Department of Science and Technology (DOST) na kinatatampukan ng pinakabagong teknolohiya at mga kaganapan sa larangan ng agham at teknolohiya.

Ang ilan sa mga inisyatiba ng kagawaran ay ang iba't ibang service facility at test laboratory na nagbibigay ng mga serbisyo para sa product testing, analysis, at calibration service upang matulungan ang mga kumpanya na mapaunlad ang kalidad ng

sundan sa pahina 2

Private-public partnership sa industriya, pinalalakas ng DOST **p2**


Larawanews **p2**

Mga oportunidad sa ICT, alay ng DOST sa mga PWDs **p3**

NSTW2013 General Program of Activities..... **p4**

Dengue vector surveillance website, inilunsad ng DOST

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, DOST-STII



Isang website na nagbibigay ng mga impormasyon hinggil sa populasyon ng lamok na *Aedes Aegypti*, ang lamok na nagdadala ng dengue virus, ang inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) upang masubaybayan ang mga paaralang may mataas na populasyon ng nasabing lamok.

Ang Dengue Vector Surveillance website ay naglalaman ng mga impormasyon hinggil sa populasyon ng mga lamok sa partikular na lugar ng bansa. Ang populasyon ng lamok ay inirerepresenta ng mga pula at puti na mistulang mga lobo na nakaturo sa mapa ng bansa. Ang pula ay nangangahulugang madami ang bilang ng mga lamok at nangangailangan ng agarang aksyon mula sa pamahalaan habang ang mga puti naman ay nagtatala lamang ng kakaunting bilang ng mga lamok sa mga paaralan.

Ang Dengue Vector Surveillance website ay maaaring bisitahin sa <http://dengue.pchrd.dost.gov.ph/>.

Sa pamamagitan ng lingguhang pagtatala ng mga public health worker ay masubaybayan ang progresyon ng populasyon ng mga lamok sa mga paaralan at makapagrerekumenda ng karampatang aksyon bago pa man kumalat ang nasabing virus sa lugar.

Malaking bahagi pa rin ang gagampanan ng Ovicidal/Larvicidal Trap o OL Trap sapagkat ito ang gagamiting paraan upang mataya ang populasyon ng mga lamok sa isang paaralan.

Mula sa mga nakolektang OL Trap ay isa-isang bibilangin ang mga lamok maging ang mga itlog at kiti-kiti nito upang iulat sa pamunuan ng DOST-PCHRD ang dami nito sa bawat linggo. Ang DOST-PCHRD naman ang magtatala nito sa website base sa mga ulat na ipinadala sa pamamagitan ng SMS.

Ang nasabing proyekto ay bahagi ng malawak na kampanya laban sa dengue sa pakikipagtulungan ng Department of Education at Department of Health.

ExpoScience...

Mula sa pahina 1

mga produkto tungo sa paglago at kakayahang makipagsabayan sa pandaigdigang merkado.

Isa na dito ay ang Standards and Testing Division (STD), isang technical service division ng Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI). Maliban sa chemical, physical at biological testing at analysis service, and tanggapan ay nagsasagawa rin ng research and development hinggil sa iba pang pamamaraan ng pagsusuri na tumpak sa mga pangangailangan ng mga kliyente.

Habang ang National Metrology Laboratory of the Philippines (NMLP) ay isa pa ring tanggapan mula sa DOST-ITDI at tinaguriang "virtual" na tagapangalaga ng lahat ng unit of measurement standards. Ang NMLP ay nagsasagawa ng mga calibration at testing sa mga pribadong kumpanya sa iba't ibang sukat gaya ng mass, volume,



Ang ADMATEL ay isa sa mga test lab ng DOST na inilaan para sa semicon industry. (Larawan mula sa DOST-ITDI)

pressure, force, length, density at volume. Ang tanggapan ay tangi at kauna-unahang laboratoryo sa bansa na nabigyan ng akreditasyong ISO/IEC 17025:2005 sa ilalim ng Deutsche Akkreditierungsstelle (DAkKS) para sa kakayahan nitong magsagawa ng calibration para sa electrical, mechanical, at thermodynamic.

At panghuli ay ang Advanced Materials and Testing Laboratory (ADMATEL), ang katangi-tanging laboratoryo sa bansa na may kakayahang magsuri ng mga semiconductor at electronics sa mas mabilis at mababang halaga laban sa mga test lab sa ibayong dagat. Sa pamamagitan ng mga cutting-edge testing and materials analysis facility, ang ADMATEL ay siguradong mag-aangat sa industriya ng electronics at semicon sa tuktok ng value-chain-mula paggawa ng iba't ibang bahagi ng electronics, hanggang sa pagbuo.

Public-private partnership sa industriya, pinalalakas ng DOST

Ni Luisa S. Lumioan

S&T Media Service, DOST-STII

Higit pang pagtitibayin ng Department of Science and Technology (DOST) ang samahan ng industriya at iba pang mga sector sa pagpapatupad nito ng mga programa para sa pagsusulong ng inklusibong pag-unlad.

Ito ang pahayag ni Secretary Mario G. Montejo sa naganap na ikatlong taong anibersaryo ng Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD).

Aniya, "Under the Smarter Philippines framework, DOST will leverage science and technology to improve our competitiveness

as a means of accelerating the country's development". Ang Smarter Philippines ay ang umbrella program ng DOST para sa mga proyekto nito sa disaster management, governance, healthcare, agriculture, transportation at iba pa.

Itinampok din sa pagtitipon ang ilang mga proyekto ng DOST na sumusuporta sa industriya.

Isa na dito ang Advanced Device and Material Testing Laboratory o ADMATEL, ang kauna-unahang failure analysis laboratory sa bansa. Ang failure analysis ay isinasagawa upang matukoy ang dahilan nang hindi paggana ng isang produkto at ito ay

nakatutulong ng malaki sa pagpapaunlad ng mga produkto ng mga lokal na semiconductor companies.

Isa pang proyekto ang Electronics Product Development Center na kasalukuyang itinatag ng ahensya. Ito naman ay naglalayong sumuporta sa lokal na electronics industry.

Ang mga nasabing proyekto ay pinondohan at sinusubaybayan ng PCIEERD, ang ahensya ng DOST na tumututok sa pagbuo ng polisiya, plano, at programa at sumusuporta sa mga pananaliksik kaugnay ng industriya, enerhiya, at emerging technologies.



LarawaNEWS

SIYENSYA AT AGRIKULTURA SA KAPIHAN SA DIAMOND HOTEL. Isinasalarawan ni Department of Science and Technology Secretary (DOST) Mario G. Montejo (gitna) sa beteranong kolumnistang si G. Neal Cruz (kanan) sa nakaraang Kapihan sa Diamond Hotel sa Roxas Boulevard, Pasay City kung paano makatutulong ang DOST upang maiangat ang produksyon ng mga magsasaka lalo na sa panahon ng bagyo. Paliwanag ni Sec. Montejo na patuloy sa pagpapasaayos ng kanilang weather forecasting ang DOST-PAGASA upang makapagbigay ng tatlo hanggang anim na buwang weather projection at weather pattern information na ipamamahagi sa partikular na lugar ng bansa. Kasama rin sa larawan si DOST-PAGASA Officer-In-Charge Vicente Malano. (Kuna ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)



Si Charles Rodrigues ay isa sa mga mapalad na PWD na natanggap bilang animator sa isang animation company noong 2012. (Larawan mula sa www.verafiles.org)

Mga oportunidad sa ICT alay ng DOST sa mga PWDs

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Upang mabigyan ng pagkakataong mapaunlad ang kabuhayan at maging bahagi tungo sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng Information and Communications Technology (ICT), inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST), katuwang ang National Council for Disability Affairs (NCDA) sa ikalawang pagkakataon ang isang “ICT Jobs and Skills Fair” para sa mga kababayang may kapansanan o tinatawag na PWD.

Ang nasabing jobs and skills fair na ginanap sa SM North Edsa Annex Cyberzone sa Lungsod ng Quezon ay bahagi ng pagdiriwang ng National ICT Month at may temang “ICT: Enabling People”.

Ayon kay Bettina Quimson, deputy executive director ng DOST’s Information and Communication Technology Office (ICTO), “Our fast growing ICT industry needs talents from all walks of life, and we are confident we can find gems in the rough with our participants here today”.

Dagdag pa ni Quimson na mayroon nang mga makabagong kagamitan na maaaring magbukas ng pintuan ng pagkakataon para sa mga kababayang may kapansanan. Aniya, ang mga makabagong teknolohiyang ito ay may kakayahang mag-angat sa antas ng kanilang kakayahan at makatulong sa pagpapayabong ng ekonomiya ng bansa.

Ipinagmalaki naman ni Quimson ang pagtaas ng mga bilang ng mga PWD na

nagkaroon ng kabuhayan sa tulong ng industriya ng Information Technology Business Process Management na kung saan umabot na ito sa 230,000.

Ang mga trabahong ito ay nagmula sa iba’t ibang sangay ng ICT-Business Process Outsourcing tulad ng call center, healthcare outsourcing, software development, engineering, design at animation at accounting na kung saan ito ay pumapangalawa sa kontribusyon sa Gross National Product.

“Nothing great can happen without hard work, and I know that persons with disabilities are some of the hardest working people there are,” pagtatapos ni Quimson.

Samantala, dinayo naman ng mahigit sa 300 PWD ang nasabing jobs and skills fair na kinatampukan ng mahigit sa 20 ahensya ng pamahalaan at mga pribadong kumpanya ang tumanggap ng mga aplikasyon para sa iba’t ibang trabaho sa ICT.

Kabilang sa mga ito ay ang Department of Labor and Employment, Metro Manila Development Authority, Department of Foreign Affairs, Philippine Games and Amusement Board, iGovPhilippines Project, Social Security System, Jobstreet.com, AEGIS, Rotary Club, Marbont Corporation, Eperformax at Take One Animation.

Itinampok din sa nasabing fair ang iba’t ibang produkto para sa mga PWD na kasalukuyang ginagamit ng mga kumpanya ng ICT gaya ng isang small tablet computer

ng kumpanyang Take One Animation na idinisenyo para sa mga animator at graphics artist na walang mga kamay ngunit may kakayahang gumuhit sa pamamagitan ng mga paa.

Bukod dito, ibinida rin ang Braille at virtual keyboard para sa mga nagnanais na gumamit ng computer ngunit walang kakayahang makakita.

(Impormasyon mula kay Roy Espiritu, S&T Media Service, DOST-ICTO)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

MARIA JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng institusyon ng impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

In celebration of the 2013 National Science and Technology Week



Science, Technology and Innovation; The Road to a Smarter Philippines

GENERAL PROGRAM OF ACTIVITIES

Date	Activity	Place/Venue
09 July	8 th Outstanding Young Scientists (OYS)	
10-11 July	35 th NAST Annual Scientific Meeting	The Manila Hotel, One Rizal Park, Manila
17 July	Bamboo Processing & Utilization Technology	FPRDI Museum, Los Baños, Laguna
23 JULY (TUESDAY)		
	Opening Ceremonies and NSTW Awards	Halls 1 & 2, SMX Convention Center, SM MOA
	OPENING OF EXHIBITS	Halls 1 & 2, SMX Convention Center, SM MOA
	Press Conference	
	4 th Asia Pacific Telecommunity (APT) Workshop on Disaster Management and Communication	Meeting Room 8, SMX Convention Center, SM MOA
	MOU Signing with Smarter Philippines Technology Partners	Stage/Activity Area, Halls 1 & 2, SMX MOA
	Metro Manila: Handa Na, High Tech Pa! Climate Change and Disaster Mitigation Activities: <ul style="list-style-type: none"> ▪ Ceremonial Switching of NOAH's 500 Sensors ▪ NOAH Tablet Launch ▪ BLTB (Bagyo, Lindol, Tsunami at Baha) Launch ▪ LGU Disaster Summit/ICT for Disaster Mitigation 	Stage/Activity Area, Halls 1 & 2, SMX MOA
	Film Showing and Day Event's Highlights	
24 JULY (WEDNESDAY)		
	Viewing of Exhibits	Halls 1 & 2, SMX, Mall of Asia
	4 th Asia Pacific Telecommunity (APT) Workshop on Disaster Management and Communication	Meeting Rm 8, SMX Convention Center, SM MOA
	Smart Kids, Smart Scientists (Elementary Batch)	Manila Ocean Park, Concourse Area, Manila
	i-SETUP Na! Theme: Opportunities in S&T-led business; Countryside Development <ul style="list-style-type: none"> ▪ "Kapihan" ▪ Film Showing and Day Event's Highlights 	SMX Convention Center Main Hall
	Blogger's Night w/ Smart Communications	
25 JULY (THURSDAY)		
	Viewing of Exhibits	
	4 th Asia Pacific Telecommunity (APT) Workshop on Disaster Management and Communication	Meeting Room 8, SMX Convention Center, SM MOA

	Smart Kids, Smart Scientists (High School Batch)	Pacific Room, Manila Ocean Park, Manila
	In Touch with Excellence (Recognition of Outstanding Scholar Graduates)	Meeting Rms. 7-9, SMX Convention Center,
	Cyber Security Forum	Meeting Rm. 7-9 SMX Convention Center
	Learning Applications for Pinoys (LEAP) Launch	Mezzanine, SMX Mall of Asia
	Build Your Startup or Get Hired! Theme: Industry Competitiveness <ul style="list-style-type: none"> ▪ Biz on the Web – eCommerce Forum ▪ STARBOOKS w/Encyclopedia Britannica Launch ▪ Startup Forum ▪ Information Technology – Business Process Management (IT-BPM) Career Talk ▪ Film Showing and Day Event's Highlights 	Stage/Activity Area, Halls 1&2, SMX Convention Center
26 JULY (FRIDAY)		
	DOST Smarter Living <ul style="list-style-type: none"> ▪ PST Synchronization with PAGASA ▪ Brown Rice Recipe Book Launch & Cooking Demo 	Stage/Activity Area, Halls 1 & 2, SMX-Mall of Asia
	Viewing of Exhibits	Halls 1 & 2, SMX-Mall of Asia
	Smart Kids, Smart Scientists (Career Talk)	Music Hall, SM Mall of Asia
	Scientific Forum on Industry and Energy	Mezzanine, SMX, Mall of Asia
	Scientific Forum on Emerging Technology	Mezzanine, SMX, Mall of Asia
	Juantastic! Agri na, Aqua pa <ul style="list-style-type: none"> ▪ Mini Fair/Expo and Techno Clinic ▪ Film Showing and Day Event's Highlights ▪ Gala Night (Partners' Night) MOU Signing w/ Smarter Philippines Technology Partners 	Stage/Activity Area, Halls 1 & 2, SMX, Mall of Asia
27 JULY (SATURDAY)		
	Viewing of Exhibits	Halls 1 & 2, SMX-Mall of Asia
	In KB? Let's Innov8 Na! Theme: Innovation <ul style="list-style-type: none"> ▪ SMARTEN UP! Learning Through Robotics and Interactive Exhibits 	Stage/Activity Area, Halls 1 & 2, SMX-Mall of Asia
	Closing Ceremonies <ul style="list-style-type: none"> ▪ Gawad Scriba: DOST Media Awards for Science Communicators 	
	Egress	

23-27 July 2013
SMX Convention Center
SM Mall of Asia, Pasay City